Panukalang-batas S

Kalidad ng Pamumuhay at Panukalang-batas sa Proteksyon ng mga Mahahalagang Serbisyo

Lokal na Kontrol

Ang kasalukuyang sales tax sa Glendale ay 9.5%, na kung saan 1% lamang ang nasa ilalim ng lokal na kontrol, ang natitira ay napupunta sa State at County.



Lokal na Kontrol

Inaasahang magpapadala ang Glendale ng $90 milyon sa County mula sa mga espesyal na sales tax, ngunit $15 milyon lamang ang matatanggap nito bilang kapalit.



Ano ang Kalidad ng Pamumuhay sa Glendale at Panukalang-batas sa Proteksyon ng mga Mahahalagang Serbisyo?

- Napagbotohan ng Konseho ng Lungsod ng Glendale na maglagay ng Panukalang-batas sa balota ng Nobyembre 6, 2018.
- Binabago ang kasalukuyang sales tax ng ¾%, wala pang isang sentimo sa kada isang dolyar na ginastos
- Lumilikha ng humigit-kumulang na $30 milyon taun-taon sa dedikadong, lokal na pinangangasiwaang mga pondo upang protektahan ang mga mahahalagang serbisyong ginagawa ang Glendale na isang mahusay na lugar upang mabuhay, magtrabaho, at maglaro

Paano Kung Hindi Maipasa ang Panukalang-batas?

Malamang na ang anumang sales tax sa hinaharap na pinagtibay ng County, mga ahensya ng rehiyon, at mga espesyal na distrito ay kukunin sa Glendale, ngunit ang Glendale ay tatanggap lamang ng maliit na bahagi upang mapabuti ang mga lokal na kapitbahayan nito.



Lokal na Kontrol

- Tinitiyak ng panukalang-batas na ito na ang malilikom na pondo ay gagamitin sa lokal.
- Hindi ito maaaring kunin ng County, mga ahensya ng rehiyon, o mga espesyal na distrito sa hinaharap.
- Naglagay ng mga panukalang-batas ang Pasadena at Burbank sa balota ng Nobyembre.

Nasaan ang Glendale Ngayon

- Sa kabila ng mga panukalang-batas sa pagtitipid, at umuunlad na ekonomiya, simula sa 2019 ang Pangkalahatang Pondo ng Glendale ay nahaharap sa budget deficit na inaasahang lalawak sa mahigit na $6 milyon kada taon sa 2023.
- Mahalaga na ang Glendale ay may mga mapagkukunan ng mga pangangailangan nito upang patuloy na matustusan ang mataas na kalidad ng pamumuhay na kailangan at nararapat sa mga residente nito. Kung walang karagdagang kita, ang Lungsod ay mapipilitang gumawa ng karagdagang pagbabawas sa mahahalagang serbisyo.

Paano Gumagana ang Sales Tax

- Karamihan sa kita ng sales tax ay magmumula sa mga hindi residente ng Glendale na kumakain o namimili dito mula sa ibang mga lungsod at lugar.
- Nagkakahalaga ito ng 7 ½ sentimos sa kada $10 na ginastos sa nabubuwisang mga kalakal.
- Ayon sa batas, hindi ito nalalapat sa mga pagkaing hindi pinroseso, tulad ng mga grocery, mga resetang gamot, paggawa, o mga transaksyon sa real estate.

Pananagutan at Transparency

- Ang Lungsod ng Glendale ay mayroong mahusay na tala ng pananagutang pananalapi.
- Ang kita mula sa Kalidad ng Pamumuhay sa Glendale at Panukalang-batas sa Proteksyon ng mga Mahahalagang Serbisyo ay isasama sa taunang independent na audit ng Lungsod.
- Ang Konseho ng Lungsod ay nagpapasiya kung saan ginagastos ang kita sa bawat taon sa panahon ng taunang, pampublikong proseso ng budget nito.

Para sa Higit pang Impormasyon

Bisitahin ang:

https://www.GlendaleMeasureS.com

Tumawag sa:

(818) 548-4844

Mag-Email sa:

MyGlendale@GlendaleCA.gov